

Lahat Kami ay Nangangako



# UN Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata

Bersyon ng Filipino para sa mga bata



# UN Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata

Ang UN Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata ay ang panata na kailangang sundin nating lahat para sa layunin ng malusog at ligtas na paglaki ng mga bata.

Ang UN Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata ay pinagtibay ng Pangkalahatang Kapulungan ng UN noong Nobyembre 20, 1989, at nangako ang Republika ng Korea na sasali noong 1991.

Ang mga mahahalagang detalye ng UN Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata ay binubuo ng 4 na pangkalahatang alituntunin.

## Walang Diskriminasyon

Lahat ng bata ay nararapat na magtamasa ng pantay na karapatan.

## Pinakamahusay na Interes ng mga Bata

Para sa lahat ng bagay na nakakaapekto sa mga bata, ang mga desisyon ay dapat gawing prayoridad para sa kapakanan ng mga bata.

## Mga Karapatan sa Kaligtasan at Pag-unlad

Ang proteksyon at mga suporta ay dapat maibigay para ang mga bata ay mabuhay nang ligtas at lumaking malusog.

## Paggalang sa Opinyon ng mga Bata

Dapat ipahayag ng mga bata ang kanilang mga opinyon tungkol sa lahat ng isyu na nakakaapekto sa mga bata, at ang kanilang mga opinyon ay dapat na igalang.

# UN Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata

## Bersyon ng Filipino para sa mga bata

Maraming bansa sa buong mundo ang sumali sa makabuluhang kasunduan, tinatawag na 'UN Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata' at nangakong pangalagaan ang karapatan ng mga bata.

Nag aalok ang Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata ng mga sagot sa mga tanong ng

'Sino ang mga bata?'

'Ano ang karapatan ng mga bata'

at

'Ano ang mga responsibilidad ng Estado'

Lahat ng karapatan ng mga bata ay may kaugnayan sa isa't isa at parehong mahalaga. at hindi kailanman maaalis sa mga bata.

**1.**

Ang bata ay sinumang tao na wala pang 18 taong gulang.

**2.**

Ang lahat ng bata ay may ganitong mga karapatan, kahit sino man sila, saan man sila nakatira, anong wika ang ginagamit nila, ano ang relihiyon nila, ano ang iniisip nila, ano ang itsura nila, kung lalaki o babae sila, kung may kapansanan sila, mayaman o mahirap, at kahit sino ang kanilang mga magulang o pamilya o kung ano ang pinaniniwalaan o ginagawa ng kanilang mga magulang o pamilya. Walang bata ang dapat tratuhin nang hindi makatarungan sa anumang dahilan.

**3.**

Kapag ang mga matatanda ay gumawa ng mga desisyon, dapat nilang isipin kung paano makakaapekto ang kanilang mga desisyon sa mga bata. Ang lahat ng mga matatanda ay dapat gawin kung ano ang pinakamabuti para sa mga bata. Dapat tiyakin ng mga pamahalaan na ang mga bata ay protektado at inaalagaan ng kanilang mga magulang o ng ibang tao kapag ito ay kailangan. Dapat tiyakin ng mga pamahalaan na ang mga tao at lugar na responsable sa pag-aalaga sa mga bata ay gumagawa ng isang mahusay na gawain.

**4.**

Kailangang gawin ng mga pamahalaan ang lahat ng kanilang makakaya upang matiyak na matatamasa ng bawat bata sa kanilang mga bansa ang lahat ng karapatan sa Kumbensyong ito.

**5.**

Dapat hayaan ng mga pamahalaan ang mga pamilya at komunidad na gabayan ang kanilang mga anak para habang lumalaki sila ay matutunan nilang gamitin ang kanilang mga karapatan sa pinakamahusay na paraan.

**6.**

Ang bawat bata ay may karapatang mabuhay. Dapat tiyakin ng mga pamahalaan na ang mga bata ay mabubuhay at umunlad sa pinakamainam na paraan.



7.

Ang mga bata ay dapat nakarehistro kapag sila ay ipinanganak at mabigyan ng pangalan kung saan ay opisyal na kinikilala ng pamahalaan. Kailangang may nasyonalidad ang mga bata. Hangga't maaari, dapat kilalanin ng mga bata ang kanilang mga magulang at alagaan sila.

8.

Ang mga bata ay may karapatan sa kanilang sariling pagkakakilanlan – ang isang opisyal na talaan kung sino sila na kinabibilangan ng kanilang pangalan, nasyonalidad at relasyon sa pamilya. Walang sinuman ang dapat kumuha nito sa kanila, ngunit kung ito ay mangyayari, ang mga pamahalaan ay dapat tulungan ang mga bata para maibalik kaagad ang kanilang pagkakakilanlan.

9.

Hindi dapat ihimalay ang mga anak sa kanilang mga magulang maliban kung hindi sila inaalagaan nang wasto – halimbawa, kung sinaktan o hindi inaalagaan ng magulang ang anak. Ang mga bata na ang mga magulang ay naghiwalay ay dapat manatiling nakikipag-ugnayan sa parehong mga magulang maliban kung maaaring makakasama ito sa bata.

10.

Kung ang isang bata ay nakatira sa ibang bansa kaysa sa kanilang mga magulang, dapat hayaan ng mga pamahalaan ang bata at mga magulang na maglakbay para magkasama pa rin sila at may ugnayan.


11.

Kailangang itigil ng mga pamahalaan na dalhin sa ibang bansa ang mga bata kapag labag ito sa batas - halimbawa, dinukot ng isang tao o dinala sa ibang bansa ng isang magulang na hindi pumayag ang isa pang magulang.

12.

Karapatan ng mga bata na malayang mailahad ang kanilang opinyon sa mga isyung nakakaapekto sa kanila. Ang mga matatanda ay dapat pakinggan at seryosohin ang mga bata.





- 13.**  
Ang mga bata ay may karapatan na malayang ibahagi sa iba ang kanilang natututuhan, iniisip at nadarama, sa pamamagitan ng pakikipag usap, pagguhit, pagsulat o sa iba pang paraan maliban kung ito ay nakakapinsala sa ibang tao.
- 14.**  
Ang mga bata ay maaaring pumili ng kanilang sariling mga saloobin, opinyon at relihiyon, ngunit hindi ito dapat makakahadlang sa ibang tao para tamasahin ang kanilang mga karapatan. Ang mga magulang ay maaaring gabayan ang mga anak upang sa kanilang paglaki, matuto silang gamitin nang wasto ang karapatang ito.
- 15.**  
Ang mga bata ay maaaring sumali o magtayo ng mga grupo o organisasyon, at maaari silang makipagkita sa iba, hangga't hindi ito nakakapinsala sa ibang tao.
- 16.**  
Ang bawat bata ay may karapatan sa pagkapribado. Ang batas ay dapat protektahan ang pagkapribado ng pamilya, tahanan, komunikasyon at reputasyon ng mga bata (o magandang pangalan) mula sa anumang pag atake.



**17.**

Ang mga bata ay may karapatang kumuha ng impormasyon mula sa Internet, radyo, telebisyon, pahayagan, libro at iba pang mga mapagkukunan. Dapat tiyakin ng mga matatanda na ang impormasyon na kanilang nakukuha ay hindi nakakapinsala. Dapat hikayatin ng mga pamahalaan ang media na magbahagi ng impormasyon mula sa iba't ibang pinagkukunan, sa mga wikang mauunawaan ng lahat ng bata.

**18.**

Ang mga magulang ang pangunahing tao na responsable sa pagpapalaki ng anak. Kapag ang bata ay walang mga magulang, ang ibang nakakatanda ay magkakaroon ng responsibilidad na ito at sila ay tinatawag na isang "tagapag alaga". Dapat laging isaalang alang ng mga magulang at tagapag alaga kung ano ang pinakamabuti para sa batang iyon. Dapat tulungan sila ng mga gobyerno. Kung saan ang isang bata ay may parehong mga magulang, pareho silang dapat na responsable sa pagpapalaki ng bata.

**21.**

Kapag ang mga bata ay inampon, ang pinakamahalaga ay gawin ang pinakamabuti para sa kanila. Kung ang isang bata ay hindi maaaring maaalagaan sa kanilang sariling bansa, kung gayon maaari silang ampunin sa ibang bansa.

**19.**

Kailangang protektahan ng mga pamahalaan ang mga bata laban sa karahasan, pang aabuso at pagpapabaya ng sinumang mag-aalaga sa kanila.

**20.**

Ang bawat bata na hindi maaaring alagaan ng kanilang sariling pamilya ay may karapatang alagaan nang maayos ng mga taong may paggalang sa relihiyon, kultura, wika ng bata at iba pang aspeto ng kanilang buhay.

**22.**

Ang mga batang lumipat mula sa kanilang sariling bansa patungo sa ibang bansa bilang mga refugee dahil hindi ligtas para sa kanila na manatili doon ay dapat humingi ng tulong at proteksyon at magkaroon ng parehong karapatan tulad ng mga batang ipinanganak sa bansang iyon.

**23.**

Ang bawat batang may kapansanan ay dapat tamasahin ang pinakamainam na posibleng buhay sa lipunan. Dapat alisin ng mga pamahalaan ang lahat ng balakid para sa mga batang may kapansanan para maging malaya at aktibong makilahok sa komunidad.

**24.**

Ang mga bata ay may karapatan sa posibleng pinakamahusay na pangangalagang pangkalusugan, malinis na tubig na maiinom, masustansya na pagkain at isang malinis at ligtas na kapaligiran upang tirhan. Ang lahat ng mga matatanda at bata ay dapat magkaroon ng impormasyon tungkol sa kung paano manatiling ligtas at malusog.

**25.**

Ang bawat bata na nasa isang lugar na malayo sa bahay para sa kanilang pangangalaga, proteksyon o kalusugan ay dapat na regular na suriin ang kanilang sitwasyon upang makita kung maayos ang lahat at kung ito pa rin ang pinakamahusay na lugar para sa bata.



**26.**

Dapat magbigay ang pamahalaan ng pera o iba pang suporta para matulungan ang mga bata na mula sa mahihirap na pamilya.

**27.**

Ang mga bata ay may karapatan sa pagkain, damit at isang ligtas na lugar para tirahan para sila ay umunlad sa pinakamahasag na posibleng paraan. Dapat tulungan ng gobyerno ang mga pamilya at mga anak na hindi ito ito kayang bayaran.

**28.**

Ang bawat bata ay may karapatan sa edukasyon. Ang primaryang edukasyon ay dapat libre. Ang sekundarya at mataas na edukasyon ay dapat available sa bawat bata. Dapat hikayatin ang mga bata na pumasok sa paaralan hanggang sa pinakamataas na antas. Ang disiplina sa mga paaralan ay dapat igtalang ang karapatan ng mga bata at huwag kailanman gumamit ng karahasan.

**29.**


Ang edukasyon ng mga bata ay dapat makatulong sa kanila na lubusang mapaunlad ang kanilang mga personalidad, talento at kakayahan. Dapat ito ay magturo sa kanila na maunawaan ang kanilang sariling mga karapatan, at igtalang ang mga karapatan, kultura at pagkakaiba ng ibang tao. Dapat itong makatulong sa kanila upang mabuhay nang mapayapa at mapangalagaan ang kapaligiran.

**30.**

Ang mga bata ay may karapatang gumamit ng sariling wika, kultura at relihiyon, kahit na ang mga ito ay hindi ibinabahagi ng karamihan sa bansa kung saan sila nakatira.







**31.**

Ang bawat bata ay may karapatang magpahinga, magpahinga at maglaro at makibahagi sa mga gawaing pangkultura at malikhaing gawain.

**32.**

Ang mga bata ay may karapatang maprotektahan mula sa paggawa ng trabaho na mapanganib o nakakasama sa kanilang pag aaral, kalusugan o pag unlad. Kung nagtatrabaho ang mga bata, may karapatan sila sa ligtas at makatarungang suweldo.

**33.**

Kailangang protektahan ng mga pamahalaan ang mga bata mula sa paggamit, paggawa, pagdadala o pagbebenta ng mga nakakapinsalang droga.

**34.**

Dapat protektahan ng pamahalaan ang mga bata mula sa sekswal na pagsasamantala (sinasamantala) at sekswal na pang aabuso, kabilang ang pagpilit ng mga tao sa mga bata na makipagtalik para sa pera, o paggawa ng mga sekswal na larawan o pelikula sa kanila.

**35.**

Kailangang tiyakin ng mga pamahalaan na hindi dinukot o ibinebenta ang mga bata, o dinala sa ibang bansa o lugar upang mapagsamantalahan (sinamantala).

**36.**

Ang mga bata ay may karapatang maprotektahan mula sa iba pang uri ng pagsasamantala (sinasamantala) sa anumang paraan, kahit na ang mga ito ay hindi partikular na binanggit sa kumbensyong ito.

**37.**

Ang mga batang inakusahan ng paglabag sa batas ay hindi dapat patayin, pahirapan, tratuhin nang malupit, ikulong magpakailanman, o ikulong kasama ang mga matatanda. Ang bilangguan ay dapat palaging huling pagpipilian at para lamang sa pinakamaikling posibleng panahon. Ang mga batang nasa bilangguan ay dapat magkaroon ng legal na tulong at maaaring makikipag ugnayan sa kanilang pamilya.

**38.**

Ang mga bata ay may karapatang maprotektahan sa panahon ng digmaan. Walang batang wala pang 15 taong gulang ang maaaring sumali sa hukbo o makibahagi sa digmaan.

**39.**

Karapatan ng mga bata na humingi ng tulong kung sila ay nasaktan, pinabayaan, tinatrato ng masama o naapektuhan ng digmaan, upang mabawi nila ang kanilang kalusugan at dignidad.



**40.**

Ang mga batang inakusahan ng paglabag sa batas ay may karapatan sa legal na tulong at patas na pakikitungo. Dapat maraming solusyon para matulungan ang mga batang ito na maging mabuting miyembro ng kanilang komunidad. Ang bilanguan ay dapat lamang maging huling pagpipilian.

**41.**

Kung ang batas ng isang bansa ay nagpoprotekta sa karapatan ng mga bata ay mas mabuti kaysa sa kumbensyong ito, dapat ang mga batas na iyon ang gamitin.



**42.**

Dapat aktibong sabihin ng mga pamahalaan sa mga bata at matatanda ang tungkol sa Kumbensyong ito upang malaman ng lahat ang tungkol sa mga karapatan ng mga bata.

**43.**

Ipinapaliwanag ng mga artikulong ito kung paano gumagana ang mga pamahalaan, ang United Nations (kabilang ang Komite sa mga Karapatan ng bata at UNICEF) at iba pang mga organisasyon upang matiyak na natatamasa ng lahat ng mga bata ang lahat ng kanilang mga karapatan.

Ang Komite sa mga Karapatan ng Bata ay taimtim na sumusunod sa dokumentong ito.

Inilathala ng National Center for the Rights of the Child ang bagong edisyon sa wikang Filipino sa pamamagitan ng pagsasalin ng Korean Edition of Children's Version ng UN Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata na muling inorganisa ng National Center for the Rights of the Child na may layuning matupad ang mga obligasyon nito na suportahan ang pagpapatupad ng UN Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata para sa mga pamilyang multi kultural na naninirahan sa Korea upang gunitain ang Pandaigdigang Araw ng mga Bata sa 2023.

*Inilalathala ng Komite sa mga Karapatan ng Bata ang Children's Version ng UN Convention on the Rights of the Child, at inirerekomenda ang ganap na paggamit nito sa pamamagitan ng pagsasalin sa iba't ibang wika sa bawat bansa.*



## Bersyon ng mga Bata sa Kumbensyon ng UN sa mga Karapatan ng Bata Bersyon ng Filipino

Petsa ng paglathala: Nobyembre, 2023

Inilathala ng: Pambansang Sentro para sa Mga Karapatan ng Bata

Tagapaglathala: Ick Joong, Chung

Address: Ika-6 at Ika-7 na Palapag, Tore ng G, 71 Sambong-ro, Jongno-gu, Seoul

Telepono: 02-6454-8500

Opisyal na website: [www.ncrc.or.kr](http://www.ncrc.or.kr)

Larawang guhit: Myeong Hwan, Lee

※ Ang hindi awtorisadong pag-printa at pagpaparami ng nilalaman na ito nang walang paunang pahintulot ay mahigpit na ipagbabawal.



**Lahat Kami ay Nangangako.**



Bersyon ng mga Bata sa Kumbensyon ng UN sa mga Karapatan ng Bata  
Bersyon ng Korea



Bersyon ng mga Bata sa Kumbensyon ng UN sa mga Karapatan ng Bata  
Bersyon ng Filipino